**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO USEC. ROCKY IGNACIO**
**APRIL 8, 2022 | 11:00 A.M. – 11:54 A.M.**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga Pilipinas. Muli ninyo kaming samahan para talakayin ang mga usapin na dapat ninyong malaman at maintindihan. Makakasama natin sa loob ng isang oras ang mga panauhin mula po sa mga tanggapan ng pamahalaan na handang magbigay-linaw sa tanong ng taumbayan. Kaya tutok na po. Mula sa PCOO ako po si USec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Kumpiyansa si Pangulong Rodrigo Duterte na mas mapapaigting pa ng pamahalaan ang pagseserbisyo at pagsusulong sa kapakanan ng Overseas Filipino Workers, ito ay sa tulong ng bagong OFW Center na itatayo sa Las Piñas City at magsisilbing One-Stop Hub ng iba’t ibang ahensiya ng gobyerno para sa migrant workers. Kahapon, mismong si Pangulong Duterte ang nanguna sa groundbreaking nito. Sa kanyang talumpati, binigyang-diin ng Presidente na ayaw niyang nahihirapan ang mga OFW dahil lamang sa Red Tape sa ibang government offices. Kaya naman, babala niya sa ilang kawani ng pamahalaan na ayusin ang serbisyo o isasama sila sa kanyang pagbaba sa Hunyo.

[VOICE CLIP]

**USEC. IGNACIO:** Nagbabala rin si Pangulong Rodrigo Duterte na ipahihinto niya ang e-sabong operations sa bansa. Ito ay kung mapapatunayang marami nang nalululong at napapahamak dito. Sa kanyang talumpati kahapon sa Las Piñas City, muling ipinunto ng Presidente na nakakatulong ang e-sabong sa pagpopondo sa mga programa ng pamahalaan lalo ngayong may COVID-19 pandemic. Gayunman, handa rin anya niyang isakripisyo ito para sa kapakanan ng ating mga kababayan.

[VOICE CLIP]

**USEC. IGNACIO:** Makikibalita tayo sa mga pinakahuling balita hinggil sa pagpapatuloy ng fuel subsidy distribution na naantala at matapos ipatupad ng COMELEC ang spending ban dahil sa election campaigns at mga preparasyon ng pampublikong transportasyon para sa kuwaresma. Makakasama natin ngayong umaga ang Executive Director ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board, Maria Kristina Cassion. Magandang umaga po, welcome back ulit dito sa Laging Handa.

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Magandang umaga po, USec. Rocky at magandang umaga din po sa lahat ng mga nanunuod po sa ating programa ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Director, pinayagan na nga po ng COMELEC ang LTFRB na ipagpatuloy itong pagdi-distribute ng fuel subsidy sa mga driver at delivery rider. Ngunit hindi pa po ito masisimulan kaagad. Ano po ba iyong hinihintay para po maisagawa ito at may alam po

ba kayo sa mga restrictions at conditions na gustong ipatupad ng COMELEC dito po sa pagbibigay ng subsidy?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Actually po, USec, we are really ready to implement [it]. Inaantay lang po natin iyong copy ng decision ng COMELEC, because until now, wala po tayong signed copy from the COMELEC. Bali-balita natin from the media na mayroon na nga daw pong approval, kasi nagpa-press conference po iyong COMELEC. However, hindi naman po natin puwedeng ipadala sa bangko, sa Landbank iyong link lang po, kailangan po nating ipadala iyong decision mismo ng COMELEC na pinapayagan tayo, para po makapag-credit, makapag-resume sila ng crediting po to the accounts. Kasi mako-COA din naman po sila, kapag bigla nilang krinedit (credit) na wala namang official na legal basis po for the crediting.

So, in other words po, inaantay po natin iyong final copy po ng COMELEC, hindi po iyong galing lang sa media, hindi lang po iyong mga pronouncements from the media, but a paper po talaga na sinasabi po na officially ay pinapayagan po tayo. But nevertheless, sa mga naririnig po natin at napapanuod sa TV po. We would like to thank po the COMELEC for granting our petition. Dahil sa pag-grant nila, iyong sa decision po nila, panalo po, hindi lang po ang LTRFB, kung hindi panalo po ang ating mga operators and drivers po.

But as I have said, kailangan po natin ng official copy, before we can move naman po. But rest assured naman po, nagkaroon tayo ng negotiation kasi kahapon with the Landbank. Itra-transmit pa rin po natin iyong ating mga payroll, iyong mga authority to debit advice na trinansmit (transmit) natin kahapon and mayroon ding ita-transmit ngayon. And then, kapag lumabas na po at naibigay na po natin sa Landbank iyong kopya po ng desisyon and that is the time na, nai-credit na daw po nila. So far, tinanggap lang po nila iyong mga authority to debit natin na iyong mga transmittal ng mga names of beneficiaries po.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Director, anytime naniniwala kayo na masisimulan agad ito?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Yes po, Ma'am. Ang sabi naman—sa naririnig lang din po natin sa mga balita po 'no. Sinasabi naman po nila na either mailalabas nila ngayon or by Monday po iyong decision. So, once po talaga na inilabas na nila iyong desisyon, ang Landbank ay ready naman po to credit to the particular accounts po ng mga beneficiaries na sinabmit po natin sa kanila po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ilan na po iyong nabiyayaan ng subsidy at ilan naman po iyong nag-aantay pang mabigyan nito, Director?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Yes po. From 377,000, more or less po iyong total beneficiaries po natin is made up of LTFRB manage na mga modes 'no, ito iyong mga PUJ, iyong mga bus, taxi, TNVS and UV Express and then the tourist transport. Tapos mayroon din po sa DTI na deliveries na 22,777 and then mayroon din po sa DILG, na we are still waiting for the list po. Iyan iyong kabuuan na target natin na 377. So, out of that po, 264,000 more or less iyong LTFRB manage and out of that, 110,000 na po ang ating naihulog doon sa kanilang mga account prior to the temporary suspension.

Among that po, 109,000 mahigit ay PUJ, out of the 135,000 na target natin at 1,007 something iyong from the buses po. So, that means po mayroon pa tayong mga 83,000 na nasa card production na stage ngayon. At nasa mga 60,000 plus po iyong ongoing payroll preparation po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. …Punta naman tayo dito Director sa Holy week. Ano naman po iyong paghahandang isinasagawa ng inyong ahensiya para naman po sa inaasahang dagsa ng mga biyahero sa mga terminal ngayon pong nalalapit na iyong long vacation dahil po sa kuwaresma?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Ang pamunuan ng LTFRB po, simula ngayon hanggang 18 po ay heightened alert po, bilang suporta doon sa Oplan Biyaheng Ayos Summer Vacation '22 na ipinag-uutos ng Department of Transportation. So, alinsunod nito, we were directed by our Chairman po to prepare and coordinate sa mga kinauukulang ahensiya ng gobyerno para matiyak iyong kaligtasan at siguridad ng mga mananakay.

Noong Monday po, nagkaroon tayo ng mga inspection sa mga terminals to check po iyong kanilang compliance sa health and safety protocols and readiness nila na tumanggap ng dagsa ng mga pasahero. And then yesterday, we had a [coordinated] meeting with the PNP and i-ACT and the other enforcement agencies po para sa mas maigting po na seguridad.

Kabilang sa mga strategy iyong massive na police presence po sa ating mga terminals and then, iyong enhanced po na anti-colorum at anti-isnabero na operation ng ating mga enforcers po from the i-ACT, LTO and LTFRB.

Ngayong araw naman po ay mayroong nationwide Oplan [Harabas]. In coordination naman po ito with PDEA po, [just to make sure na] iyong ating mga drivers ay hindi lulong sa droga because we want to ensure the safety of the passengers kapag umuuwi na sila. Lalo na ngayong araw na ito, ina-anticipate din natin na may mga magsisimula nang magsisipag-uwian.

Mayroon po tayong mga Malasakit Help Desk na nakakalat sa mga terminals wherein ang mga pasahero ay puwedeng dumulog kung mayroon po silang mga reklamo or mga katanungan. Naglagay din po diyan ng mga special permits [para] kapag halimbawa, mataas iyong volume of passengers at hindi sufficient po iyong number of units na napi-fill ngayon, may team tayo na nasa mga terminals na puwedeng mag-issue ng special permit para magdagdag ng mga unit to operate for April 8 until April 18.

So far, sa monitoring natin today, all over the Philippines, kasi all over the Philippines itong Oplan Biyaheng Ayos po natin, may mga namu-monitor tayo across the regions na hindi pa naman ganoon kadami iyong mga pasahero so far ngayon, at sufficient pa naman iyong number of units na nasa mga terminals ngayon.

Doon sa mga drug testing naman na kinu-conduct, mayroong mangilan-ngilan na mga regions na mayroong mga nagpa-positive, pero majority naman po ng mga drivers ay negative naman po.

Ang lagi po nating ina-announce since Monday, para hindi po malito ang ating mga pasahero kung saan po ba talaga sila sasakay – may nilabas po kasi tayo na Memorandum Circular Number 2021-051 – na ang mga sumusunod na integrated terminal exchange ang pinapayagan

na magbaba at magsakay ng mga pasahero. So, ito iyong North Luzon Expressway Terminal, ito iyong PITX, Sta. Rosa Integrated Terminal at Araneta Center Terminal para sa mga provincial buses touching Metro Manila po.

Alinsunod naman po doon sa window scheme, 'ika nga ng MMDA, pinapayagan naman po ang mga provincial buses na gumamit sa kanilang mga private terminals from 10:00 PM hanggang 5:00 AM po. Ibig sabihin po, from 5:00 AM until 10:00 PM naman po ay hindi puwedeng gamitin ang kanilang private terminals.

So, iyong mga pasahero po natin, huwag pong magpunta doon sa mga private terminals dahil bawal naman po na pumasok at mag-dispatch iyong mga operators doon sa kanilang private terminals at ito po ay hinuhuli ng MMDA. So, maaabala lang din po kayo kapag ang inyong sinakyan ay hinuli ng MMDA. So, doon na lang po tayo sa NLEX, sa PITX, sa SRIT at sa Araneta Center Terminal na designated na mga ITX po mula 5:00 AM hanggang 10:00 PM po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Director, nabanggit mo kanina na nagsagawa na kayo ng inspection, pero ano po iyong assessment ninyo dito po sa kahandaan ng public transport, lalo na dito sa nalalapit na Holy Week?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** So far naman po, Ma'am, sa tingin natin based sa database naman natin, we have sufficient number of buses. However, hindi naman po natin napi-predict kung may biglang sobrang daming dagsa po talaga, that is why mayroon tayong standby na team on each terminal to issue the necessary special permit para madagdagan kung may kakulangan doon sa mga units na nagdi-deploy ngayon.

With respect naman po doon sa mga terminals na nainspeksiyon po natin, so far naman po ay nakakasunod naman po sila doon sa mga health protocols natin, iyong ating mga integrated terminal exchange.

**USEC. IGNACIO:** So, wala naman po kayong idadagdag pa dito sa mga restrictions and protocols sa mga terminal na kailangan pong idagdag, Director?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Yes Ma'am. Iyong sa protocols po kasi natin, Ma'am, doon sa mga terminals lang po talaga, strictly [enforced] lang iyong pagpi-face mask. Tapos iyong sa security protocols naman po natin, alam naman po iyon ng mga nag-o-operate ng mga ITX kung ano iyong security plan, kasi na-inspect naman din po sila ng Office on Transportation Security.

Ang reminder lang po natin, dahil mag-iinspeksiyon din po tayo simula ngayon sa mga public utility vehicles, reminder lang po natin na dapat ma-check po iyong mga brakes, iyong mga tires, iyong mga windows. They are all related to security and safety po dahil hindi papayagan ng LTFRB Team na nag-i-inspect, wala pong papayagan kapag hindi pumasa doon sa checklist. Gusto natin po na only roadworthy and safe na mga public utility vehicles ang puwede pong makabiyahe ngayong panahon ng Semana Santa.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Director, kami po ay nagpapasalamat sa inyong impormasyon at pagbibigay oras, Executive Director Maria Kristina Cassion ng LTFRB. Salamat po and stay safe po.

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Thank you po, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, alamin naman natin ang estado ng mga terminal na aasahan pong dadagsain ng mga biyahero para po sa long summer vacation.

Kasama po natin si Sir Jason Salvador, ang Corporate and Government Relations head ng Parañaque Integrated Terminal Exchange (PITx).

Good morning po, Sir.

**PITx CORP. & GOV'T RELATIONS HEAD SALVADOR:** Good morning, Usec. Rocky, at good morning po sa lahat ng nanunood at nakikinig sa atin ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nabanggit na nga po sa atin ni Director Kristina na dapat PITx ang pinupuntahan ng ating mga biyahero. So, ano po iyong inaasahan natin na magaganap sa mga terminal, katulad po nang pagdagsa ng mga biyahero sa Holy Week? Tingin po ninyo kailan po magsisimulang dumami itong mga pasahero?

**PITx CORP. & GOV'T RELATIONS HEAD SALVADOR:** Nagsimula na po, Usec. Rocky, iyong ating exodus patungo sa mga probinsiya. In fact, as far as last weekend, nakakaranas na po tayo ng napakataas na bilang ng mga pasahero dito po sa PITx. In fact, nag-average po tayo ng 91,000 passengers per day at may mga araw pa nga na lumalagpas po iyan sa isandaang libo.

Ang inaasahan po natin ngayong weekend and going towards Holy Week, na tataas pa po ito kasi alam naman natin, Usec, na matagal na rin pong hindi nakapagbakasyon iyong ating mga kababayan. Kung matatandaan natin, dalawang Holy Week na po ang hindi nila na-enjoy at hindi sila nakapagbakasyon sa kani-kanilang mga probinsiya. Kaya inaasahan natin na iyong mga kababayan natin ay sasamantalahin po na makadalaw po sa kanilang mga probinsiya at ganoon din po iyong mga taga-probinsiya naman na gustong lumuwas dito sa Metro Manila.

Kaya naman po tayo ay abalang-abala dito sa terminal sa pagsisiguro po ng tatlong bagay: Unang-una po, iyong kaligtasan ng atin pong mga pasahero. Paano po ba natin ginagawa iyan? Well, una siyempre kailangang tiyakin po natin iyong kondisyon ng mga sasakyan at ng mga tsuper. Iyong mga sasakyan po, ini-inspect po iyan kasama ng LTO at saka LTFRB para po sa kanilang roadworthiness.

Iyong mga tsuper naman po, sinisigurado natin na wala po sila sa ilalim ng anumang ipinagbabawal na gamot o droga. Kagaya nga nabanggit po kanina ni Executive Director, na nagsasagawa po tayo dito ng mga random drug testing. In fact today, nagsimula na po ulit tayo [ng drug testing]. Katulad noong Lunes na mayroon po tayo, kanina nagsimula naman po tayo. Kasama po natin diyan ang PDEA at LTO.

As of 9:30, mayroon po tayong nakitaang apat na positive at isa pong nakainom. So, lahat pong iyan ay kinumpiska na iyong lisensiya, hindi na po muna sila magmamaneho. At least, nakapagtanggal po tayo ng limang tsuper na baka sakaling nasa ilalim po ng ipinagbabawal na substance.

So, nakadagdag po iyan sa pagtingin po natin ng kaligtasan ng ating mga kababayan. Bukod dito, siyempre alam din natin na tayo po ay nasa ilalim pa ng pandemya, kaya po binabantayan pa rin po natin ang mga health protocols, katulad po ng pagsusuot ng face mask at pagmi-maintain ng social distancing. Of course, kasama rin dito ang paglilinis ng lahat ng parte ng land port natin o ng terminal natin and iyong mga public utility vehicles upang sa ganoon ay matiyak natin na magiging ligtas po ang paglalakbay ng ating mga kababayan.

Pangalawa dito, abala rin tayo sa pag-asikaso ng kaginhawaan ng ating mga pasahero, kasi gusto po natin na pagdaong nila dito sa PITx ay masisigurado po na makakasakay po sila patungo sa kani-kanilang mga probinsiya.

Kaya po sinisigurado natin na iyong pakikipag-ugnayan po natin sa DOTr-LTFRB ay continuous upang sa ganoon kapag mayroon pong mga pangangailangan na mga pampublikong sasakyan eh mabilis pong matutugunan. Kasi tulad ng sabi po ni Executive Director, mayroon po silang mga kawani dito na nakaantabay upang sa ganoon kung mayroon pong extra high demand ay mabilis po silang makakapag-issue ng kanilang mga special permits.

At pang huli po, pinagtutuunan din po natin iyong kalinisin ng ating surrounding. Of course, siyempre gusto natin kapag bumiyahe sila, hindi lang komportable kung hindi malinis. Kaya naman nagdagdag po tayo ng mga tauhan upang siguraduhin na malinis po lahat ng aspeto ng ating terminal kasama na po diyan iyong mga palikuran, upuan, at kung anu-ano pa.

So, lahat po iyan ay ginagawa natin upang tiyakin na magiging maayos, komportable at malinis po at walang aberya ang pagbibiyahe ng ating mga kababayan tungo sa kani-kanilang mga lalawigan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, Jason, nabanggit mo na ngayon pa lang ay umaabot na ng 91,000 per day iyong dami ng pasahero pero by next week ito na iyong Holy Week. Mga ilan pa iyong inaasahan ninyong magiging datos natin nito pong mga biyahero?

**PITx CORP. & GOVT. RELATIONS HEAD SALVADOR:** USec., we expect, an increase of around 20-25%. So, siguro papalo tayo ng around 100,000 to 110,000 everyday coming from Saturday going towards Thursday.

Sa Good Friday naman po, medyo bababa na po iyan kasi inaasahan natin na nakauwi na sila lahat pero paghahandaan din po naman natin iyong pagbabalik nila sa Metro Manila galing po sa kanilang mga probinsiya. So, bigla pong mag-uuwian iyan ng Sunday, Monday, and then iyong iba Tuesday.

So, handang-handa naman po tayo dito, USec., ano kasi ito naman po talaga iyong pinaghahandaan natin, iyong mga ganitong pagkakataon, iyong mga panahon po na “passenger season” na tinatawag. Ito po iyong Holy Week, Undas ‘no, at saka Kapaskuhan.

Kaya naman dito at sa tulong po ng ating mga kaibigang government agencies ay lahat na po ay nakaayos dito. Laging handa po tayo rito sa pakikipagtulungan natin sa PNP, DOTr, LTFRB, LTO, eh makakaasa po ang ating mga kababayan ng maayos na paglalakbay ngayong Holy Week season.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Jason, mayroon lang pahabol na tanong si iyo si Tuesday Niu ng DZBB: Ano po ang gagawin sa mga magpo-positive na driver at nakainom? Papayagan pa bang makabalik pa sila sa pagmamaneho kalaunan o totally dapat ipasibak na sila sa operators at kung kakasuhan daw ba sila?

**PITx CORP. & GOVT. RELATIONS HEAD SALVADOR:** Well, initially, Ma’am Tuesday, iyong mga nag-positive po ay kaagad-agad ay kinukumpiska na po iyong lisensya. Hindi na po sila puwedeng magmaneho. Iyong mga nag-positive po sa mga ipinagbabawal na gamot, mag-a-undergo po sila ng confirmatory testing sa DOH.

Ngayon, kung talaga pong napatunayan na sila po ay gumagamit ng ipinagbabawal na gamot eh maka-cancel na po iyong kanilang mga driver’s license at hindi na po sila makakapagmaneho. Tapos isasailalim din po sila sa rehabilitation sa kani-kanilang mga barangay upang sa ganoon ay maisaayos naman at maituwid nila iyong maling gawain nila. So, ito po iyong mga mangyayari diyan.

Hopefully, magsilbing tanda po ito sa ating mga driber na huwag na po silang gumamit ng mga ganitong substances kasi hindi lamang nila inilalagay ang sarili nila sa peligro kung hindi pati ang kanilang mga pasahero at sa iba pong mga motorista.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ulitin lang daw po natin, Sir Jason, kung may mga requirement po ba na kinakailangang ihanda itong ating mga biyahero kung sila raw po ay pupunta sa mga terminal? Ulitin lang po natin kung ano iyong mga dapat nilang ipakita pa.

**PITx CORP. & GOVT. RELATIONS HEAD SALVADOR:** Well, sa ngayon, USec. Rocky, hindi na po ganoon karami iyong mga requirements unlike noong medyo may kahigpitan pa po tayo. Magmula po noong mag-Alert Level 1, wala na po tayong mga hinahanap na extra requirement.

Ang pakiusap lang natin sa ating mga kababayan eh sumunod lang po sila sa mga health protocols. Kailangan na panatilihin lang nakasuot iyong face mask at iyong social distancing.

Ang panawagan po natin sa ating mga pasahero at sa mga biyahero, kapag tayo po ay nasa pampublikong sasakyan na, iwasan po nating kumain o tumanggap ng tawag sa telepono upang sa ganoon [ay] hindi po tayo mapilitang magbaba ng ating mga face mask at malagay sa alanganin sa banta ng COVID-19.

Iyon lang po, wala na pong ibang hinahanap at magiging matiwasay na po ang kanilang pagbibiyahe.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayroon na rin naman kayong nabanggit kanina na kahandaan din ng PITx, baka may maidagdag lang kayo dito sa mga aksiyon pa na gagawin ninyo sakali man pong may mangyari – na huwag naman – na aberya sa terminal?

**PITx CORP. & GOVT. RELATIONS HEAD SALVADOR:** Well, para po sa mga bibiyahe, ang gusto lang po nating ipaalala na, of course, it’s “passenger season” siyempre medyo may karamihan po iyong mga bumibiyahe sa atin, nauunawaan na po natin na naging tradisyon na po ng ating mga kababayan kapag tayo po ay uuwi sa kani-kaniyang mga lalawigan na mayroon po tayong mga pasalubong ano, may mga bitbitin po tayo.

Ito naman po ay pinapayagan natin kaya lang ang paalala lang po, hanggat maaari baka puwedeng dalahin natin kung ano lang po ang nararapat, kasi intindihin natin iyong mga kasabay po natin sa sasakyan eh mayroon din pong mga dalang pasalubong, so, pagbigyan din po natin silang lahat upang sa ganoon eh lahat naman po tayo makapagdala ng mga pasalubong sa ating mga mahal sa buhay.

Ngayon, kung mayroon man po kayong na-experience dito po sa ating landport o sa terminal ‘no, nandito po nakakalat lahat po ng kawani ng gobyerno. May mga Malasakit Help Desk po tayo, mayroon po tayong mga pulis na nakakalat, mayroon din po tayong mga customer service na nakapalibot na handa pong umalalay at tumulong po sa inyo.

Sisiguraduhin ko po sa inyo kapag kayo po ay dumaong ng PITx ay magiging maayos po lahat ng inyong kinakailangan. Dito po kasi kapag dumaong po kayo lahat po ng pangangailangan ng isang biyahero ay makikita ninyo po rito – may kainan, bilihan ng pasalubong, at makakaasa kayo [na] kahit maghintay kayo eh medyo komportable naman po kayo kasi bukod sa aircon, free wifi, eh talaga namang kaaya-aya ang ating surrounding. So, sisiguraduhin natin na maayos po iyan para po mapagsilbihan po natin silang lahat.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Jason, request naman daw po iyong update naman sa mga schedule ng biyahe at mga ruta ng mga bus kung madadagdagan po ba ang mga bus na bibiyahe sa mga susunod na araw. Go ahead po.

**PITx CORP. & GOVT. RELATIONS HEAD SALVADOR:** Ay opo ‘no. Talaga namang madadagdagan po iyan kasi noong mga nakaraang araw nakita na natin iyong pagtaas ng demand kaya humiling na po tayo sa LTFRB ng mga karagdagang units at ito naman ay kaagad-agad na pinagbibigyan.

Tuluy-tuloy lang po iyong biyahe natin, nagsisimula po tayo ng alas kwatro ng umaga hanggang sa hatinggabi. So, lahat naman po ito ay available. Ang payo lang po natin sa ating mga kababayan eh mag-advance booking na po kayo. While we still entertain walk-ins mas maganda po kung may advance booking na kayo nang sa ganoon hindi po kayo magkaroon nang matagal na paghihintay dito po sa terminal.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kuhanin ko na lang po ulit iyong mensahe ninyo sa publiko at paalala na rin dito po sa ating mga biyahero. Go ahead, sir Jason.

**PITx CORP. & GOVT. RELATIONS HEAD SALVADOR:** Unang-una, gusto po nating magpasalamat sa inyong himpilan sa palaging pagbibigay-daan sa ating mga announcements at information para po sa kapakanan ng ating mga commuters.

Ang mensahe lang po natin sa ating mga kababayan, tayo po ay nasa kalagitnaan pa rin ng pandemya, so, huwag po tayong makalimot sumunod sa mga health protocols at kinakailangan na manatili na lang po tayo sa bahay kasi alam naman po natin na nandiyan pa rin po iyong banta ng COVID-19.

Ngayon, kung hindi natin maiiwasang bumiyahe at gusto po talaga nating bumiyahe, let's travel light para sa ganoon maiiwasan po natin iyong inconvenience.

Ingat po tayong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat din po sa inyong panahon at pagbibigay impormasyon, Jason Salvador, Corporate and Government Relations Head ng PITx.

Mabuhay po kayo and stay safe!

Senator Christopher 'Bong' Go, pinaalalahanan po ang mga school officials na huwag maging kampante lalo na sa pagbabalik ng face-to-face classes sa mga paaralan kaya naman isinusulong ngayon ang "BIDA Kid" campaign para masigurong ligtas ang mga mag-aaral mula sa COVID-19. Narito ang report.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Sa puntong ito, ating alamin ang efficacy ng bakuna sa bagong Omicron variant at update tungkol sa second booster shot. Kasama po natin si Dr. Nina Gloriani, ang chairperson ng Vaccination Expert Panel. Good morning po Doc, at welcome back po ulit sa ating programa.

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Good morning Usec. Rocky at sa inyong lahat. Salamat.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Good morning Doc. Doc, ano po ba iyong kailangan pang malaman ng mamamayan tungkol dito sa Omicron XE? Ano po ang pinagkaiba nito mula sa mga naunang variant?

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Okay. Ang sub-variants ngayon ano, [sub-variants] ang tawag diyan, ng Omicron ay parang anak niya na medyo iba-iba, nag-iiba, at itong XE specifically ay tinatawag nilang recombinant na variant na nagsama iyong characteristics ng BA.1, iyong una at iyong BA.2. Mayroong at least tatlong mutations ito, pero hindi pa natin

talaga alam kung ano ang pagkakaiba ng kaniyang characteristic or behavior sa ngayon. Kasi, pinag-aaralan pa lang.

We don’t really expect much difference, kasi kapag kaunti lang iyong mutations, hindi din ganoon kalaki iyong magiging change sa kaniyang behavior or characteristics. But we do not know that yet, so susundan na lang po natin iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, puwede bang masabi na kapag nagkakaroon ng mutation, mas humihina po? Katulad nitong recombinant po, itong sinasabi nating Omicron XE, nagiging mas mahina po ba ito, mas hindi nagiging deadly kapag nagkakaroon ng mga dagdag pang mutation?

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Hindi natin masabi ano ang magiging epekto ng additional mutations. Depende kung saan naganap iyong mutations, saang part ng virus for instance. So, puwede niyang i-increase ang severity, puwede niyang bawasan maging [unclear], like what happened with Omicron compared to Delta for instance, or palakihin pa niya iyong kaniyang pag-evade, iyong tinatawag nating immune escape, doon sa dating mga bakuna.

Hindi pa natin masabi ngayon kaya kailangan pong pag-aralan, kasi titingnan talaga ano ang biological activity nitong mga variants na ito na may ibang mutation.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, gaano naman po kabilis ang transmission rate ng bagong variant? Tingin ninyo po ba magkakaroon tayo ng surges dito po sa bilang ng mga kaso sa bansa?

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Generally, ang sinasabi nila ay mukhang 10% more transmissible itong si XE ‘no, may nagsabi pa nga na 20. Pero I think, it is about 10% more transmissible.

So, mayroon parating threat na talagang makapasok iyan. Depende sa ating public health precautions, papaano natin iri-reduce iyong transmission, iniiwasan iyong mga gathering and so on. Nasa sa atin po iyan kung paano natin maiiwasan na dumami ulit ang kaso.

Habang may mga kaso, kahit sabihin natin bumaba iyan, mayroon at mayroon pong pag-uumpisahan ng transmission ulit – iyong multiplication, iyong pagdami, panganganak ng virus at ang threat ng mutation habang dumadami iyong mga virus, na nagmu-multiply ang virus.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, Nina, hihingin ko na lamang po ang inyong opinion tungkol po dito sa naging pahayag ng acting WHO Representative to the Philippines, Dr. Rajendra Prasad Yadav, na maghanda daw po ang bansa sa posible nga pong pagtaas ng COVID cases sa bansa after daw po ng election. Ano po ang masasabi ninyo [tungkol] dito?

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Tama naman po iyon. Dapat may kaunti tayong warning o paalala sa mga tao kasi, ito magho-Holy Week tayo. Alam ninyo naman ang mga tao, narinig natin kanina, ang dami-dami nang umuuwi sa probinsiya. Ito po iyong mga pagkakataon na nagtitipon-tipon ang mga tao, may mga ilan diyan na baka may dala-dala ng virus, so hindi natin alam iyon. So, importante po na patuloy natin iyong ating mga pag-adhere sa mga practices ng minimum public health precautions. Tama po iyon.

And then, iyong threat ng variants emerging ay hindi pa po nawawala. Nakikita ninyo sa ibang parts ng mundo, sa ibang mga countries ay nandoon po iyan. So, maaaring makapasok and, iyan na naman.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, kumustahin ko naman po iyong rollout ng vaccines at booster shots sa bansa. Ano na po iyong kabuuang bilang ng mga nagpapabakuna at nabigyan na rin po ng booster shots? Iyon din po ang concern maging ni Secretary Joey Concepcion, na mababa daw po iyong turnout ng ating booster na kailangang-kailangan po.

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Yes, tama kayo Usec. Rocky. Iyong ating booster ay nasa more than 12 million pa lang iyong naibibigay. If you compare that to almost 66, 67% na nabigyan na ng full vaccination, iyong dalawang series or at least iyong one dose na single dose ay marami pa po tayong hahabulin.

Malinaw sa ating mga datos, parati nating sinasabi, ini-explain sa mga tao na iyong dalawang doses ay hindi enough. Nakita na iyon sa mga scientific observations na after the two doses, bumababa talaga iyong immunity.

Tapos nga, dagdagan mo pa ng variants na nag-i-escape ng immunity na iyon [that means] doble na iyong ating problema. So, importante na magbigay tayo ng third dose at malinaw na malinaw din po ang datos ang third dose na ito ay talagang nakakatulong sa pag-akyat ng immune response, iyong mga antibodies of a [unclear] at broadly reactive siya, nakukuha niyang maprotektahan [against] dito sa ating mga variants of concern. So, importante po iyong third dose. Habulin po natin iyan, para rin po sa atin iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Doc Nina, ano po iyong nakikita ninyong nagiging dahilan ng ating mga kababayan na tila para sa kanila ay okay na iyong first and second dose?

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Siguro kailangang ipaliwanag. Sabi ko nga doon sa isang forum noong isang araw, walang forever sa mga bakuna, hindi lang sa COVID vaccine, [kahit] sa simple bakuna natin before.

May mga requirements for booster doses po ang vaccine, kasi natural na bumababa iyong immunity at siyempre waning immunity, bumababa ang proteksiyon tapos dinagdagan pa nga ngayon. Kakaiba itong si COVID-19, na ang variant ay hindi mo malaman kung kailan lalabas, kailan dadating and so on. So, importante po [na] maintindihan ng mga tao iyan.

Nagiging kampante sila kasi bumaba na ang kaso natin, pero huwag po kayong maging kampante, kasi habang mayroong virus, mayroong mga kaso, may virus diyan na nagmu-multiply. It’s just a matter of time o kanino kayo mai-expose and puwede pong dumami na naman iyan at iyong sa borders natin, iyong mga puwedeng pumasok sa ibang bansa.

Marami po sa ibang bansa. Pasalamat tayo na tayo ay medyo controlled. Pero, kapag hindi po natin iniisip iyong kailangang gawin, itong additional booster for example, additional doses ay hindi po natin mapapa-stay o mami-maintain iyong ating control na iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Gusto rin po malaman ng marami, Doc. Nina, ito daw pong efficacy ng vaccines against new variant. Malalabanan rin po ba nito iyong Omicron XE?

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Sa ngayon, wala talagang very solid evidence na tiningnan nila, iyong neutralization. Pero, kung titingnan mo, kami, tiningnan namin iyong mutation, tatlong mutations, it may not be sufficient to change iyong kaniyang property noong evasion. So, hindi masyadong nakikita na maa-affect iyong dating immunity, kaunti lang iyan. But we hope na hindi na iyan dadami 'no, kasi siyempre ayaw natin dumami pa iyong mutations. Kasi iyon ang nangyari sa Omicron, more than 50 mutations siya, 30 na nandoon sa Receptor-Binding Domain, labing-lima noong nandoon sa very critical parts of virus versus the Delta.

So, dito ngayon sa sub-variant, kaunti pa lang iyon and in fact, it really happens sa mga viruses, nagkakaroon sila ng ganoong mutations. Pero, hindi natin ini-expect sa ngayon, but we do not lax. We will see.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito na lang pong panghuling balita, update daw po sa ano po iyong sa second booster shots?

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Actually, ang FDA po ay ongoing ang evaluation diyan. So, actually ni-refer po ulit sa amin iyan. So, mayroon pong magiging rekomendasyon, maybe in a few days, but of course, there will be another few days para sabihin ng ating FDA kung approved nga po siya.

So, may rekomendasyon para po specifically sa elderly, doon sa mga immunocompromised, iyong mga mataas ang exposure at vulnerable doon sa mga COVID. Kasi nga po nag-open tayo, so mayroon tayong iniisip din na mga tao na mas higher ang risk for contracting COVID.

So, iyon po ang una, hindi muna iyong mga general population. Tinitingnan din naman po iyan at baka kailangan din ng boosters sa mga bata. Tinitingnan po, ongoing po lahat iyan sa ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, ito po bang booster shot na ito, halimbawa daw po ay nakakuha ka na ng pangatlo, iyong pang-apat pareho rin po ba ng dose iyong ibibigay sa second booster?

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Yes, Usec. Rocky. Usually the same iyan, iyong kung ano iyong dati, iyong original first generation vaccine, kunwari kung Pfizer iyan, 30 micrograms. Pero iyong Moderna lang ang medyo naiba, kinalahati niya iyong booster. So, ganoon din iyong magiging second booster niya kung papayagan natin ang second booster. Pareho lang po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyon pong second booster ninyo, dapat po ba ang brand niya ay kapareho din ng magiging third booster po?

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Hindi po kailangan. Actually, ang ating ina-advocate or ating ine-encourage o nire-recommend ay heterologous. Iyong heterologous kasi maraming data na nag-show na mas maganda ang immune response doon And, generally although mas marami din iyong parang nagre-report ng side-affect, mild pa rin iyon at generally after the

second dose, second booster, iyong mga pag-aaral, ang safety nitong mga bakuna na ginagamit natin ay mataas pa rin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. [May] correction po ako doon, iyong brand ng first dose ay kung dapat pareho ng second booster, tama po. Doc., ano na lamang po ang ibabahagi ninyong mensahe sa ating publiko, partikular po iyong ating mga kababayan na wala pa pong first dose. Go ahead po, Dr. Nina.

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Okay. Talagang prayoridad natin, paulit-ulit nating sinasabi, iyong hindi pa po nakakuha ng kahit isang dose ng bakuna ay magpabakuna na po kayo. Mas mataas ang proteksiyon ninyo. Well, of course, kapag isa lang ang dose, may kaunting proteksiyon, kapag nakumpleto ninyo iyong pangalawa, mas mataas ang proteksiyon. After three months, at least, at puwede na kayo sa third dose, mas mataas pa iyong proteksiyon po at lalung-lalo na sa variants. So, iyon po, para maintindihan ng lahat na hindi pa po tapos ang pandemya, medyo malayu-layo pa po tayo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po sa inyong ibinahaging impormasyon at panahon. Dr. Nina Gloriani, ang Chairperson ng Vaccination Expert Panel. Doc. salamat po.

**VEP CHAIRPERSON DR. GLORIANI:** Thank you, USec. Rocky at sa lahat.

**USEC. IGNACIO:** Samantala patuloy naman ang pag-abot ng tulong ni Senator Bong Go sa mga kababayan nating nangangailangan gaya na lamang ng mga residente sa Barangay Alabang sa Muntinlupa. Ang detalye tunghayan natin sa report na ito.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Samantala makibalita naman po tayo sa pinakahuling pangyayari sa iba't ibang mga lalawigan sa bansa. Puntahan natin si Czarinah Lusuegro ng PBS-Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Czarinah Lusuegro. Babala ng DHSUD-Cordillera kaugnay sa pagbili ng lupa at bahay at mga pamamaraan para makatakas o makatakas sa pangbibiktima ng mga kawatan. Sa ulat ni Eddie Carta ng PTV-Cordillera.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Cebu Metropolitan Cathedral nagdaos ng Chrism mass bilang paghahanda sa Semana Santa. Ang report naman ay hatid ni John Aroa mula sa PTV-Cebu.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Reopening ng Roxas Night Market dinarayo ng mga mamamayan ng Davao City dahil sa samu't saring serbisyo, pagkain at produktong mabibili at makikita dito. May report si Hanna Salcedo.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** At iyan po ang mga balita at talakyang tampok namin ngayong araw. Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP. Ako po si USec. Rocky Ignacio. Magkita-kita po tayo ulit bukas dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center